DepEd Advisory No. 149, s. 2016
June 15, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN 2016 NG PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKA AT LITERATURANG FILIPINO (PSLLF)

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan 2016* na may temang *Suri, Saliksik, Sanay* mula ika-27 hanggang ika-29 ng Oktubre, 2016 sa Citystate Tower Hotel, Ermita, Manila.

Ang mga layunin ng Seminar-Worksyap ay:

1. mabigyan ng malawak na perspektiba ang mga guro at mananaliksik hinggil sa mga repormang pang-edukasyon kaugnay ng wika at panitikang Filipino sa konteksto ng K to 12 at iba pang kaugnay na pagbabago;
2. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino sa antas elementarya, junior at senior high school, at kolehiyo;
3. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa bagong General Education Curriculum sa antas tersiyarya; at
4. mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pananaliksik at mga estratehiya ng pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga inaasahang dumalo ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan mula elementarya hanggang kolehiyo.

Para sa karagdagang impormasyon/kaalaman, maaaring tumawag alinman sa mga sumusunod:

- Prof. Emma O. Sison
  De La Salle University (DLSU)
  Taft Avenue, Maynila
  Telepono: (02) 881-2573
  Mobile Phone: 0917-896-1993

- Dr. David Michael M. San Juan
  DLSU, Taft Avenue, Maynila
  Mobile Phone: 0927-242-1630
  Email: dmmsanjuan@gmail.com
  Facebook Page: www.facebook.com/PSLLF

Madel: DA PSLLF Pambansang Seminar
0404-June 8, 2016/9